



Talaan ng Impormasyon ng Class D at M na Road Test

Pagpaparehistro ng mga Sasakyang de Motor
P.O. Box 55889 • Boston, MA • 02205-5889

Huwag mag-aksaya ng oras, pumunta sa [Mass.Gov/RMV](https://www.mass.gov/rmv) para sa awtomatiko na pag-iskedyul!

Suriin ang talaang ito at manood ng mga video sa [Mass.Gov/RoadTest](https://www.mass.gov/RoadTest) bago kunin ang iyong road test.

A. Online na Pagbabayad ng Road Test / Mga Bayad sa Lisensya at 72 Oras na Kinakailangan sa Pagkansela

Ang Class D at M na road test at mga bayad sa lisensya ay maaaring bayaran sa online sa pamamagitan ng pagbisita sa seksyon ng Mga Bayad ng [Mass.Gov/RoadTest](https://www.mass.gov/RoadTest). Magbayad sa online at iwasan ang pagbisita sa Service Center.

Magbigay ng hindi bababa sa 72 oras na abiso ng pagkansela o ang pangangailangan na magskedyul muli. Kung kailangan mong kanselahin o i-skedyul muli ang iyong appointment na mas mababa sa 72 oras na abiso, ikaw ay kailangang magbayad ng road test na singilin para sa kanselado/na-skedyul muli na appointment, pati na rin ang magbayad ng road test na singilin para sa bagong naka-skedyul na appointment.

B. Mga Kinakailangan ng Aplikante

Ang mga aplikante ay dapat matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan para sa isang Class D o M na road test:

- ☐ Dumating nang hindi bababa sa 15 minuto nang maaga kasama ang iyong isponsor sa lokasyon ng RMV.
- ☐ Dalhin mo ang iyong balidong learner's permit. Kailangan na nababasa nang maayos ang iyong opisyal na paper permit, o kakailanganin ang isang duplicate permit.
- ☐ Dalhin ang iyong nakumpletong road test na aplikasyon. Maaari mong i-download at iprinta ito mula sa [Mass.Gov/RoadTest](https://www.mass.gov/RoadTest)
 - Kung sumagot ka ng **Oo** sa mga tanong 1 o 2 sa seksyon ng Mandatory Questions ng road test na aplikasyon, ang aplikasyon ay kailangang aprubahan ng isang awtorisadong empleyado ng RMV bago ang road test.
 - Kung wala ka pang 18 taong gulang, ang aplikasyon ay kailangang lagdaan ng magulang, tagapag-alaga, dibisyon ng tagapag-alaga ng bata, o punong guro ng boarding school. Kung ang taong lalagda sa aplikasyon **AY HINDI** magulang, kailangang ipakita ang tamang papel na dokumentasyon sa oras ng road test upang patunayan na kuwalipikado ang taong iyon na pumirma.
- ☐ Ang mga aplikante sa Class D ay kailangang may kasamang isponsor na:
 - Hindi bababa sa 21 taong gulang.
 - Nagkaroon ng isang balidong lisensya sa US, na inisyu ng kanilang pinagmulan na estado o teritoryo ng US, na may hindi bababa sa isang taon na karanasan sa pagmamaneho. Ang pisikal na lisensya ay dapat ipakita sa nagsusuri; ang isang elektronikong imahe ng lisensya ay hindi katanggap-tanggap. Isang indibiduwal na may dayuhan, hindi US na lisensiya, ay hindi maaaring magsilbing isponsor.
- ☐ Ang mga aplikante ng Class M ay dapat na hindi bababa sa 18 taong gulang. Kung wala ka pang 18 taong gulang, hindi ka maaaring kumuha ng RMV Class M na road test at dapat mong matagumpay na makumpleto ang isang Massachusetts Rider Education Program (MREP) basic rider na kurso upang makakuha ng Class M na lisensya. Ang mga aplikante ng road test ng motorsiklo ay **HINDI** kailangan ng isang isponsor.
- ☐ Maging mapagbantay sa lahat ng mga kinakailangan sa likod ng Information Sheet na ito at ang mga dahilan kung bakit maaaring tanggihan ng RMV ang iyong sasakyan, tanggihan ang iyong aplikasyon, o kanselahin ang iyong road test bago ito magsimula.
- ☐ Tandaan, ang aplikante lamang at ang sponsor ang maaaring nasa loob ng sasakyan sa panahon ng pagsusulit; maaaring magkaroon ng mga pagbubukod para sa mga tagasalin ng wika at sinanay na mga hayop ng serbisyo. Hindi maaaring sumakay ang mga bata sa panahon ng pagsusulit.
- ☐ Ang paggamit ng mga takip sa mukha ay mariing hinihikayat, ngunit hindi kinakailangan, para sa lahat ng mga nakasakay sa sasakyan sa panahon ng road test.
- ☐ Alamin ang iyong mga senyas ng kamay, na ginagamit upang ipakita ang mga pagliko at paghint. Hihingin sa iyo na ipakita ang mga senyas ng kaligtasan na iyon sa pagsisimula ng iyong pagsusulit.

(Ipagpatuloy ang pagbabasa ng likod ng Information Sheet na ito upang matiyak na umalis ka sa parking lot)

C. Mga Kinakailangan sa Sasakyan

Ang mga sasakyan na ginamit para sa isang Class D o M na road test ay dapat matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan at iinspeksyunin bago ang iyong pagsusulit. Kabilang dito ang mga sasakyan na may isang aparato ng ignition interlock, at mga sasakyan na may adaptive equipment para sa isang pagsusuri sa kakayahan.

- ☐ Maging nasa maayos na kondisyon sa pagtakbo at makapasa sa kaligtasan na pagsusuri.
- ☐ Magkaroon ng isang balidong pagpaparehistro at kasalukuyang sticker ng inspeksyon.
- ☐ Naglalaman ng sapat na akomodasyon sa upuan sa tabi ng nagmamaneho para sa paggamit ng nagsusuri at magkaroon ng isang upuan sa likod ng nagmamaneho para sa isponsor.
- ☐ Dinisenyo upang hayaan ang nagsusuri na gumawa ng isang emerhensiyang paghinto gamit ang preno ng pagparada (parking brake). Kung hindi, ang sasakyan ay **HINDI MAAARING** gamitin para sa road test, hindi ka sisingilin para sa road test.
 - Ang anumang sasakyan na may isang center console na walang preno ng pagparada bilang bahagi ng console ay **HINDI MAAARING** gamitin.
 - Ang anumang sasakyan na hindi nagpapahintulot sa nagsusuri ng walang hadlang na pag-akses sa preno ng pagparada ay **HINDI MAAARING** gamitin.

D. Mga Sasakyan na Nakarehistro sa labas ng estado

- ☐ Magdala ng patunay ng saklaw ng insyurans sa anyo ng isang polisiya na tumutukoy sa mga limitasyon ng saklaw. Ang saklaw ng insyurans ay **DAPAT** katumbas ng minimum na mga kinakailangan ng Massachusetts na \$25,000/\$50,000 pinsala sa katawan at \$30,000 saklaw sa pinsala sa ari-arian para magamit ang sasakyang iyon sa Massachusetts.

E. Mga Inupahang Sasakyan

- ☐ Dalhin ang kasunduan sa pag-upa at letterhead ng nakasulat na pahintulot sa kumpanya ng pag-upa na may lagda at titulo ng isang awtorisadong kinatawan na nagpapahintulot sa paggamit ng sasakyan para sa road test.

F. Kinansela at Tinanggihan na mga Road Test

Maaaring kanselahin ang mga road test dahil sa panahon, kalsada, o iba pang mga kondisyon, tulad ng:

- Nagdeklara ng estado ng emerhensiya sa rehiyon kung saan naka iskedyul ang iyong road test. Sa panahon ng masamang panahon, bisitahin ang Mass.Gov/RMV o X.com/MassRMV para sa mga update ng serbisyo bago pumunta sa lokasyon ng iyong road test.

Maaaring tanggihan o kanselahin ng Nagsusuri ng Road Test ang iyong road test dahil sa mga dahilan sa kaligtasan o mga pagkakataon kung saan ang Nagsusuri ng Road Test ay:

- Natukoy na ang aplikante at/o isponsor ay nagpapakita ng mga palatandaan ng paggamit ng alak o sangkap.
- Natukoy ang amoy ng cannabis o alak na nagmumula sa aplikante at/o isponsor; kasama na ang mula sa kanilang damit o mula sa loob ng sasakyan na gagamitin sa road test.
- Naobserbahan na may mga menor de edad na bata, kabilang ang mga sanggol sa mga upuan ng kotse, o mga hayop, maliban sa sinanay na mga hayop sa serbisyo na tinukoy ng Americans with Disabilities Act (ADA) Title II, na naroroon at hindi maaaring iwanang walang nag-aalaga sa Service Center sa panahon ng road test.

Ikaw ang responsable sa road test na singilin sa bawat pagbagsak, pagtanggi, na mas mababa sa 72 oras na pagkansela, o hindi pagpapakita. Ang pagskedyul muli ay responsibilidad ng aplikante.

G. Inaasahang Etikal at Propesyonal na Pag-uugali

Ang mga aksyon o pagtatangka ng aplikante, isponsor, paaralan sa pagmamaneho, o sinumang indibiduwal na nauugnay sa aplikante na maimpluwensyahan ang kinalabasan ng isang road test sa pamamagitan ng pag-aalok ng pera, regalo, suhol, o iba pang mga nahahawakan na kalakal ay ipinagbabawal ng batas ng Massachusetts.

Ang mga banta, pisikal na pang-aabuso, at berbal na pang-aabuso sa Nagsusuri ng Road Test ng sinumang partido na sangkot sa road test ay hindi pahihintulutan at maaaring ipagpaliban ng RMV ang kakayahan ng aplikante na mag-iskedyul ng isa pang road test.

Inilalaan ng Registrar ang karapatang kanselahin at bawiin ang anumang lisensya kung kalaunan ay natukoy na ang may lisensya ay hindi natugunan ang minimum na mga kinakailangan sa batas para sa road test.